

Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 3:

Pagbuo ng mga Tanong Matapos


Mapakinggan ang Isang Salaysay

Pagbibigay ng Mga Salitang

Magkasalungat/Magkasingkahulugan

Angkop na Pamagat sa Tekstong

Napakinggan



**Filipino – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Pagbuo ng mga Tanong Matapos Mapakinggan ang Isang Salaysay, Pagbibigay ng mga Salitang Magkasalungat/Magkasingkahulugan, Angkop na Pamagat sa Tekstong Napakinggan
Unang Edisyon, 2020**

Ayon sa isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-arang iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon.

Inilathala ng Kagawaran ng
Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jesusan G. Tulipas	
Editor:	Julito E. Lagrimas, Cristina M. Giray, Esther O. De la Cruz	
Tagasuri:	Ronaldo N. Verano, Vicky Rance-Catubig	
Tagaguhit:		
Tagalapat:	Beatrice A. Olmedo, Argie L. Ty, Jerome S. Jabel	
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma	
	Arnulfo M. Balane	Rose Marie Guino
	Joy Bihag	Ryan Tiu
	Gorgonio G. Diaz Jr.	Crista Joy A. Torbila
	Alex B. Rejuso	Isagani E. Licas
	Lucila R. Balondo	Elvira R. Ribo
	Julito E. Lagrimas	Beatrice A. Olmedo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Regional No. VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 3:

Pagbuo ng mga Tanong Matapos

Mapakinggan ang Isang Salaysay

Pagbibigay ng Mga Salitang

Magkasalungat/Magkasingkahulugan

Angkop na Pamagat sa Tekstong

Napakinggan

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin

1

- **Nakabubuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang salaysay.**
- **Nakapagbibigay ng mga salitang magkakasalungat at magkakasingkahulugan.**
- **Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa tekstong napakinggan**



Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging palatanong. Ang anumang napakinggan o nabasa na hindi masyadong maliwanag ay ating itinatanong sa mga higit na may alam. At doon sa ating mga pagtatanong minsan nakagagamit tayo ng mga salitang magkakasalungat at magkakasingkahulugan. Minsan din sa ating mga pagtatanong, hindi angkop na pamagat o kaisipan ang naibibigay sa atin bilang kasagutan. Kaya patuloy tayong nagtatanong para mahanap ang tamang kasagutan. Di ba magaling tayo ryan, kaibigan?



Alamin



Kumusta ka na kaibigan? Nandito na naman ang iyong kaibigang si Kokoy para samahan ka sa iyong panibagong paglalakbay.

Alam kong lalo kang gaganahan sa pagsasakatuparan at pagsagot sa mga kasunod na mga gawain dito dahil sasamahan kita hanggang sa matapos mo ang modyul na ito.

Pagkatapos nang ating paglalakbay at pag-aaral, ika'y inaasahang:

- * Nakabubuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang salaysay. (F5PS-IIIb-e-3.1)
- * Nakapagbibigay ng mga salitang magkasalungat at magkasing kahulugan. (F5PT-IIIc-h-10)
- * Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa tekstong napakinggan. (F5PN-II-j-17)



Subukin



Sandali kaibigan, bago tayo magpatuloy sa ating paglalakbay gusto kong malaman muna ang iyong kakayahan sa kasanayang ating pag-aaralan.

Gawain A. Panuto: Basahin at unawain mo ang kasunod na kuwento. Pagkatapos, mula rito bumuo ka ng mga tanong. Mga tanong na Ano, Sino, Kailan, Bakit, at Paano.

Pistang Bayan

Ang pagdiriwang ng pistang bayan ay labis na nagugustuhan ng mga Pilipino. Bago pa dumating ang kapistahan ay abala na ang mga tao sa paglilinis ng kani-kanilang tahanan, naglalagay ng dekorasyon sa mga lansangan, at naghahanda ng mga pagkain.

Sa madaling-araw naririnig ang ingay ng baboy, kambing, itik, manok, bibe, baka, at iba pang hayop na pinapatay.

Sa araw ng kapistahan, makikita ang mga matatanda at bata na masayang nanonood ng parada at sumasakay sa iba't ibang uri ng sasakyang umiikot. Masaya rin silang lumilibot sa bahay ng mga kamag-anak at kaibigan upang pagsaluhan ang inihandang pagkain.

Sa gabi, sumasama sila sa prusisyon at panonood ng palabas. Pagkatapos ng pista, masaya silang naglilinis ng tahanan, nagliligpit ng pinagkainan, at nagkukkuwento ng pinagkagastusan subali't makikita mo sa kanilang mga mukha ang labis na kaligahayan.

-Hango sa DepEd Regional Test Item Bank Filipino 5



Balikan

Narito ang isang talaarawang sinulat ni Edrian sa panahon matapos ang pananalasa ng bagyong Glenda.



Magpatuloy tayo sa ating paglalakbay kaibigan. Tara na! Simulan na natin! Basahin mo ang talaarawan ni Edrian para malaman mo ang nilalaman nito. Sigurado akong naalala mo pa ito dahil tungkol ito sa nakaraan mong leksyon.

Halika ka na! Kayang-kaya natin ito.

Talaarawan ni Edrian

Ika-14 hulyo, 2014, alas-2 ng hapon, Sabado

Maagang nagising ang aking mga magulang para mamili ng mga ihahanda nilang pagkain para sa kaarawan ng bunso kong kapatid na babae bukas. Nalungkot ako nang pagbukas ko ng telebisyon ay nalaman ko na ang Laoang ang posibleng tatamaan ng paparating na bagyong Glenda. Taimtim akong nagdasal na sana lumihis o humina ang bagyo.

Ika-15 Hulyo 2014, alas-10 ng umaga, Linggo

Kaarawan ni Edril, ang bunso kong kapatid. Maaga silang nagsimba ni nanay para magpasalamat sa Panginoong Diyos.

Tanghali ng manalasa ang bagyong Glenda sa aming bayan. Nalungkot ako dahil hindi natuloy ang selebrasyon para sa ika-7 taong kaarawan ng aking kapatid na babae.

Ika-16 Hulyo 2014, alas-6 ng umaga, Lunes

Nakita ko ang malaking pinsala ng bagyong Glenda sa aming lugar. Taimtim akong nagdasal na sana makayanan naming lahat ang pagsubok na ito lalong lalo na doon sa mga nawalan ng tirahan at pangkabuhayan.

Tumulong ako sa paglilinis sa aming barangay.

Ika-17 Hulyo 2014, alas-7 ng gabi, Martes

Napag desisyunan ng mga magulang ko na ibenta ang baboy na gagamitin sana na panhanda sa kaarawan ng aming bunso. Ipinambili ng mga gamit para mapaayos ang bubong ng bahay ng lolo at lola ko na nasira ng bagyo. Laking pasasalamat ng mga ito sa aking mga magulang ng makita nila na maipapaayos na ang bubong ng kanilang bahay. Paglilinis naman ng bahay ang ambag ko sa aking mga magulang.

-Jesusan G. Tulipas, P.M. Geta MCES Laoang II District

Gawain A. Panuto: Basahin ang mga pangungusap sa ibaba, at sikaping buoin ang daloy ng mga pangyayari. Pagsunod-sunurin ang mga ito batay sa talaarawang binasa. Isulat sa iyong kuwaderno ang letrang A para sa pangyayaring dapat mauna, B, C, D, ng mga kasunod na pangyayari at E para sa huling pangyayari.

- _____ 1. Napagdisiyunang ibenta ang baboy na gagamitin sana panghanda sa kaarawan ng bunsong kapatid ni Edrian.
- _____ 2. Kaarawan ni Edril.
- _____ 3. Nakita ni Edrian ang malaking pinsalang dulot ng bagyong Glenda sa kanilang lugar.
- _____ 4. Napanood ni Edrian sa telebisyon ang balita tungkol sa paparating na bagyo.
- _____ 5. Masaya ang lolo at lola ni Edrian nang malamang may pampaayos na sa kanilang bubong.

Alam mo ba na maaari kang makabuo ng mga tanong mula sa binasa mong talaarawan, o kaya sa anumang kuwento o pahayag na iyong narinig o nabasa? Mula sa binasa mong talarawan, maaari mong itanong kung sino ang sumulat nito? Kailan nangyari ang kalamidad? At marami pang ibang mga tanong na ang kasagutan ay magmumula sa binasa o sa napakinggan. Dagdag pa rito, ang mga babasahing ikaw ang sumulat ay puwede mong baguhin o lagyan ng ibang pamagat, lalo't hindi ka kontento sa nauna mong pamagat.

Gayundin, higit pang lalawak ang iyong pag-unawa sa anumang binasa o napakinggan kung malawak ang iyong talasalitaan. Kung marami kang alam na mga salitang magkakasingkahulugan at magkakasalungat, at siguro, pati na ang mga salitang hindi pamilyar sa iyo ay dapat marami kang alam na kahulugan.



Tuklasin



Sabi ko na magaling ka kaibigan! Ngayon, susubukin ko naman ang iyong kakayahan sa pamamagitan ng pagsagot sa tatlong pagsubok na nasa ibaba. Basahin mo nang mabuti at sundin ang pinapagawa ayon sa panuto.

Gawain A. Panuto: Basahin at unawain ang kasunod na mga talata. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong na kasunod. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Kadalasan, napapansin natin na sa ating pakikinig o sa pagbabasa ay nakabubuo tayo ng mga katanungang mula rito. Dapat nating tandaan na isa sa mga dahilan kung bakit tayo'y nagtatanong ay upang maliwanagan tayo sa mga bagay na sa atin ay hindi malinaw. Nagtatanong din tayo para masagot ang ilang mga pangyayari o mga impormasyon na hindi pa natin naiintindihan.

Napapansin din natin na minsan may mga salitang magkakasingkahulugan at magkakasalungat na ginagamit sa mga babasahin. At nangyayari ang ganito para lalo pa tayong magkaroon ng interes sa pagbabasa at upang mapalawak pa lalo ang ating talasalitaan.

May mga pagkakataon pang nasasabi mo sa iyong sarili na sana ganito ang pamagat ng tekstong ito at hindi ganyan. Ramdam mo sa sarili na mas angkop ang naiisip mong pamagat kaysa sa pamagat nang binasa mo.

1. Ano ang nabubuo sa ating isipan kung hindi maliwanag na naiintindihan natin ang ating mga naririnig at nababasa?
2. Bakit kailangang gumamit ng mga magkakasingkahulugan at magkakasalungat na mga salita sa pagsulat ng mga babasahin?

Gawain B. Panuto: Ipabasa mo nang malakas sa sinumang kasamahan mo sa inyong tahanan na marunong bumasa ang kasunod na sanaysay. Pakinggan at intindihin mo ito nang mabuti. Pagkatapos, sagutin mo ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

Si Pedro

Si Pedro ay pitong taong gulang. Siya ay punong-puno ng pangarap, ngunit sila ay mahirap lamang. Ang kanyang ina ay mananahi at ang kanyang ama ay may kapansanan. May mga pagkakataon na hindi siya pumapasok sa paaralan. Iniisip na lamang niya kung paano makatatapos ng pag-aaral.

Naisip ni Pedro na pumunta sa ibang bayan para maghanap ng trabaho. At doon ay nakahanap naman siya sa palengke. Araw-araw siyang gumigising nang maaga. Bago pa mag-alas siyete ng umaga ay nakahanda na siyang pumasok sa paaralan. Sa uwian naman ay balik trabaho siya. Sa kanyang pag-uwi galing trabaho, palagi siyang may dalang ulam at gamot para sa kanyang ama. Nakatapos nang pag-aaral si Pedro, at siya ay kasalukuyang *manager* ng isang malaking kumpanya. Naging inspirasyon si Pedro sa mga kabataan ngayon.

-Hango sa Reginal Test Item Bank Filipino 5

1. Tungkol saan ang binasa mong kuwento?
2. Kung ikaw ang magbibigay ng pamagat, anong pamagat ang akma sa iyong binasang kuwento?
3. Naibigan mo ba ang iyong binasa? Bakit?
4. Paano mo bubuoin ang iyong tanong kung ang gusto mong tukuyin ay ang katangian ng tauhan sa kuwento?
5. Paano mo bubuoin ang iyong tanong kung ang gusto mong tukuyin ay ang mga tauhan sa kuwento?

Alam mo ba na nakapagdaragdag sa ating kaalaman ang pagkilala o pag-alam sa kahulugan ng mga bagong salita? Ito ay maaari nating malaman sa pamamagitan ng pagkilala sa mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat. Magkatulad ang kahulugan ng mga salitang **magkasingkahulugan**, at magkaiba o kabaligtaran naman ang kahulugan nang **magkasalungat** na mga salita.

Gawain C. Panuto: Narito ang ilang mga salitang hango sa nabasa mong sanaysay na Si Pedro. Bigyan mo ang mga ito ng kasalungat o kasingkahulugan na mga salita. Gawin ito sa iyong sagutang kuwaderno.

Kasingkahulugan	Kasalungat
punong-puno	
	balik-trabaho
Umaga	
	pangarap
mahirap	

Huwag kalilimutan na mahalagang alam natin ang tamang pamagat ng anumang tekstong ating binabasa. Kailangan natin ito para madali natin malaman o mahanap ang paksang diwa o paksang pangungusap ng basahin, na siya namang magbibigay sa atin nang higit na pang-unawa sa ating binabasa.

Gawain D. Panuto: Sagutin ang kasunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

Kung ikaw ang tatanungin, sang-ayon ka ba sa naging pamagat ng sanaysay na iyong binasa? Bakit? At kung hindi ka sang-ayon, ano ang dapat pamagat ng sanaysay?



Suriin



Ang saya, 'di ba?

Tayo na! Basahin na ang impormasyon sa ibaba na makatutulong sa'yo para lubos mong maunawaan ang leksiyong ito at para maging madali lang para sa iyo na sagutin ang mga pagsubok na nakasulat dito.

Huwag mong kalilimutang unawain ito.

Ang tao ay nagtatanong dahil sa mayroon siyang nais malaman. Mayroon sa kanya na hindi maliwanag. Kailangan niya nang malinaw na sagot. Kaya, kailangan niyang magtanong. At sa pagbuo ng mga tanong dapat ito ay maliwanag, at nauunawaan ng kausap. Tandaan na ang pangungusap na patanong, ay palaging nagtatapos sa tandang pananong (?).

Ginagamitan ito ng mga salitang pananong tulad ng sumusunod;

- a. **Ano-** ang tanong kung ang nais malaman ay bagay, pangyayari, katangian o pagpapahalaga.
- b. **Sino-** ang tanong kung ang nais tukuyin ay tao o tauhan.
- c. **Saan-** ang tanong kung ang gustong tukuyin ay lugar.
- d. **Kailan-** ang tanong kung ang nais tukuyin ay oras o panahon.
- e. **Alin-** ang tanong kung pumipili sa pagitan ng dalawang tao, hayop, lugar o pangyayari.
- f. **Ilan-** ang tanong kung ang itinatanong ay dami o bilang.
- g. **Bakit-** ang tanong kung kailangan nang paliwanag na sagot.
- h. **Paano-** ang tanong kung tinatanong ay paraan o pagkaganap ng kilos.

Nangyayari ang pagtatanong upang mabigyan ng pagkakataon ang bawat isa na mag-isip tungkol sa mga bagay na pinag-uusapan. Pinupukaw nito ang kamalayan ng bawat tao sa mga nangyayari sa kanyang kapaligiran. Napag-uugnay rin sa pagtatanong ang mga napag-aralan at karanasan ng tao.

Gawain A. Panuto: Ipabasa nang malakas sa iyong tagapag-alaga ang talata at pagkatapos ay bumuo ng mga tanong gamit ang mga salitang pananong na Saan, Kailan, Ano, Alin, at Sino. Gawin ito sa sagutang kuwaderno.

Ang mga mag-aaral ay sama-sama sa kantina tuwing *recess*. Kantina ito ng paaralan. Ayon sa kanila, may mahal at mura na mga paninda rito. Masarap ang mga pagkain at malinamnam. Malinis ang mesa. Pero minsan marumi ang basahan. Maingay ang ilang mga bata ‘pag *recess* pero, mas marami ang tahimik. Nagkakatuwaan sila tuwina. Masaya sila.

-Hango sa Regional test Item Bank Filipino 5

Ang tanong sa unang bilang ay binuo ko na, gawin mo na lamang ang mula sa ikalawa hanggang lima.

1. **Saan** nagpupunta ang mga mag-aaral tuwing *recess*?
2. **Kailan** _____
3. **Ano** _____
4. **Alin** _____
5. **Sino-sino** _____

Ang pag-alam sa kasingkahulugan at kasalungat na mga salita ay isang paraan upang mapalawak ang iyong taglay na talasalitaan. Ito ay isang daan para maging mahusay sa pakikipagtalastasan ang isang batang tulad mo.

Pag-aralan ang kasunod na mga halimbawa

Magkasingkahulugan		Magkasalungat	
a. inanyayahan	- kinumbida	a. matamis	- maasim
b. agwat	- layo	b. mataas	- mababa
c. alay	- handog	c. maganda	- pangit

Gawain B. Panuto: Balikan ang talatang basahin sa itaas, ang **Gawain A**, at mula rito, piliin ang mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat. Gawin ito nang pahanay sa iyong kuwaderno:

Magkasingkahulugan	Magkasalungat
-	-
-	-
-	-

Ang pagbabasa ay higit na nagiging masaya kung ito ay ganap na nauunawaan. Samantalang ang angkop na pamagat nito ay isang susi para higit na maintindihan ang binabasa. Kailangan din na ang pang-ulo at pantulong na mga pangungusap ay magkakaugnay ang kaisipan. Umaayon ang mga ito sa nais ipahiwatig ng pamagat.

Sa pagbibigay ng pamagat ng talata/teksto, ay alamin muna ang paksang diwa o paksang pangungusap, sapagkat ang mga ito ang siyang magbibigay sa mag-aaral ng ideya kung ano ang angkop na pamagat.

Gawain C. Panuto: Basahin ang teksto sa ibaba at bumuo ng angkop na pamagat para rito. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

Tuwing hapon, ito ang oras na pinakahihintay nina Romel at Recel, dahil tapos na nilang sagutin ang mga gawain sa kanilang modyul. Ito ang oras kung saan pinapayagan na silang maglaro ng kanilang mga magulang,

Magkapitbahay at magkaibigan sina Romel at Recel. Silang dalawa ay parehong nasa ikalimang baitang. Paborito nilang laruin ang habulan. Tuwang-tuwa sa kanila ang kanilang mga magulang lalo't kung sila'y naghahabulan na hindi maabot-abutan ni Recel si Romel. Mabilis itong tumakbo kaysa kay Recel. Minsan, sinasadya na lamang ni Romel na maabutan siya ni Recel para magtagal pa ang kanilang paglalaro. Umaayaw kasi si Recel kung palagi siyang taya.

Sa sobrang paglalaro nina Romel at Recel, minsan naliligo na sila sa sarili nilang mga pawis. Basang-basa na ang kanilang mga damit, ngunit hindi pa rin sila tumitigil sa paglalaro. Humihinto lamang sila kung napapansin nila na takipsilim na pala. Hindi nila namamalayan ang oras! Kaya, kung gabi na, naisin pa man nilang ituloy ang paglalaro kailangan talaga nilang maghiwalay na. Naghihiwalay silang may ngiti sa kanilang mga labi dahil minsan pa, napatunayan nilang sila'y mga batang magkaibigan.

-Jesusan G. Tulipas P.M. Geta MCES Laoang II District



Pagyamanin



Kaibigan, may mga gawain na namang inihanda para sa'yo.

Pagbutihin mo ha? Madali lang 'yan para sa'yo!

Panuto: Ipabasa mo nang malakas sa iyong tagapag-alaga ang kasunod na sanaysay. Pakinggan itong mabuti at pagkatapos gawin mo ang maikling pagsusulat sa ibaba.

Piyestang Pampamilya

Umaga palang ay abalang-abala na ang magkakapatid na Ronnie, Rex, at Roy sa paglilinis ng kanilang bahay. Malapit na kasi ang piyesta sa kanila. Sinisipagan nila ang kanilang pagtatrabaho para sila'y makahingi ng pera sa kanilang nanay at makapunta sa peryahan kinagabihan. Gustong-gusto nilang bumili ng *cotton candy* at maglaro ng *color game* doon.

Ang pangyayaring yaon ay noong wala pang COVID-19. Ngayon ay malaki na ang ipinagkaiba. Ang dating maingay, masaya, at bonggang selebrasyon tuwing sasapit ang piyesta ay nauwi sa simpleng selebrasyon. Tahimik, kaunting pagkain na lamang ang inihahanda ng bawat tahanan. Limitado ang mga taong nagsisimba dahil kailangang sundin ang *health protocols* tulad ng *social distancing*. Walang maraming mga bisita ang makikita sa mga bahay-bahay. Ito ay para maiwasan ang pagkahawa sa COVID-19, ang sakit na nakamamatay na dulot ng *virus*. Bawal din lumabas ngayon ang mga bata at matatanda dahil sila ang mga taong madaling kapitan ng *virus*.

Malakas na buntong-hininga ang pinakawalan ni Ronnie sabay sabi sa malakas na boses "*September 29.....Happy Fiesta Everyone!*", tawanan ang buong pamilya! Sila-sila lang kasi ang kakain sa kanilang inihandang pagkain para sa araw ng pista.

Malungkot na lumapit si Ronnie sa mesa kung saan hinihintay na siya ng kanyang mga magulang at mga kapatid para kumain. Nagdasal at taimtim na hiniling niya sa Panginoong Diyos na sana matapos na ang pandemyang ito at maibalik na sa normal ang lahat. Ipinagpagsalamat din niya na masaya at buo ang kanilang pamilya sa araw na ito at walang sinumang may karamdaman.

Napawi ang lungkot sa mukha ni Ronnie nang maya-maya'y narinig niya ang tugtog mula sa kanilang karaoke. Nakita niya ang kanyang Kuya Roy na nagsisimula nang sumayaw mag-isa. Hanggang sa silang lahat ay nagsipagsayawan at nagkantahan na. Tunay ngang masaya ang buong pamilya pagsama-sama sa araw ng pista.

-Jesusan G. Tulipas P.M. Geta MCES Laoang II District

Gawain A. Panuto: Bumuo ng (5) limang katanungan gamit ang mga salitang pananong na: **ano, sino, saan, kailan, at bakit**. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Gawain B. Panuto: Hanapin mula sa **Hanay B** ang kasingkahulugan o kasalungat ng mga salitang nasa hanay **A**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

	Hanay A	Hanay B
Kasalungat	1. mahirap	a. bunso
Kasalungat	2. panganay	b. ginawa
Kasingkahulugan	3. nilikha	c. mayaman
Kasingkahulugan	4. luntian	d. gahaman
Kasalungat	5. mapagbigay	e. berde

Gawain C. Panuto: Basahin ang kasunod na talata at pagkatapos bigyan mo ito nang angkop na pamagat.

Ang puno ng niyog (cocos nucifera) ay masaganang tumutubo sa mga kabukiran ng Hilagang Samar. Kung may gulang na, ito ay karaniwang may taas na 6 na metro o higit pa. Natatangi sa lahat ng mga puno ang puno ng niyog dahil ang bawat bahagi nito ay halos may gamit o kaya halaga. Ang laman ng bunga nito ay puwedeng gawing sangkap sa paggawa ng sabon, *lotion*, *shampoo*, gata, at iba pa. Ang sabaw, ay puwedeng inumin, at panghugas sa sugat. Ang bunot ay puwedeng panlinis at pampausok. Ang bao ay puwedeng panggatong, uling, botones, palamuti, at gamit sa loob ng bahay. Ang dahon ay puwedeng gawing walis, tingting, basket, at bubong. Ang katawan nito ay puwedeng gawing gamit sa pagpapatayo ng mga bahay, at materyales sa paggawa ng iba't ibang kasangkapan sa loob ng bahay. Kaya, ang niyog ay maituturing puno ng buhay.

-Julito E. Lagrimas, Sangay ng Hilagang Samar



Isaisip



Aha! Ang bilis natin kaibigan! Gusto kong balikan mo kung paano nga ba ang pagbuo ng mga tanong sa nabasang teksto, pagbigay ng mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat at ang pagbibigay ng angkop ng pamagat sa nabasang teksto. Isipin mo 'yan at siguradong masasagutan mo muli ang mga pagsubok na ito.

Gawain A. Panuto: Tawagin mo ang iyong tagapag-alaga ipabasa mo nang malakas ang kuwentong kasunod. Pakinggan mo itong maigi at sikaping unawain. Pagkatapos, bumuo ka ng mga tanong gamit ang mga salitang pananong na **Paano? Bakit? Sino? Ano? Ilan?** Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

Ang Magkapatid

Ang magkapatid na sina Teng at Enjeza ay kapuwa matalino. Masipag mag-aral si Teng. Mahilig manood ng telebisyon si Enjeza. Tumutulong si Teng sa mga gawaing bahay samantalang naglalaro si Enjeza.

Higit na ibig ni Enjeza na maglaro samantalang pagbabasa ng mga aklat si Teng. Kahit na may mga pagsusulit kinabukasan, maagang natutulog si Enjeza samantalang nagpupuyat sa pag-aaral si Teng.

Nang dumating ang pagtatapos ng klase, karaniwang nagtapos si Enjeza. Nagkamit ng unang karangalan sa klase si Teng.

-Hango sa Regional Test Item Bank Filipino 5

Gawain B. Panuto: Punan ng tamang sagot ang patlang. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Magkatulad ang kahulugan ng salitang (1)_____.
Samantalang ang salitang magkasalungat ay nangangahulugang (2)
_____ ang kahulugan.

Gawain C. Panuto: Bigyan nang angkop na pamagat ang kasunod na talata.

Pamagat

Maaga pa ay tila agos ng tubig ang mga taong patungo sa Kadiwa. Mangyari ay baka sila'y maubusan ng mga bilihin. Mayroon ditong karne, gulay, prutas, bigas, at mga de lata. Higit na mura ang mga bilihin sa Kadiwa.

-Hango sa Regional-Test Item Bank, Filipino 5



Isagawa



Para lalo pang madagdagan ang iyong kaalaman kaibigan, basahin at sagutin mo ang mga pagsubok na kasunod. Sundin mo lang ang ipinapagawa ng panuto.

Kayang-kaya mo 'yan!

Panuto: Ipabasa nang malakas sa iyong tagapag-alaga ang tekstong kasunod. Pakinggan mo itong maigi at unawain. Pagkatapos, isagawa mo ang mga mungkahing gawain na kasunod.

Ang pandemyang *COVID-19* ay isang sakit na nakahahawa dulot ng isang “*virus*”. Dahil dito, kailangan natin ang puspusang pag-iingat at pangangalaga sa ating mga sarili para maiwasan ito. Mahirap o mayaman ka man ay puwede kang dapuan ng sakit na ito. Kaya, huwag natin ipagsawalang-bahala ang pandemyang ito. Mahigpit nating sundin ang mga *protocols* na iminumungkahing gawin nang maiwasan nating mahawa sa sakit na ito.

Kay sarap mamuhay nang malaya, walang itinakdang oras nang paglabas at pag-uwi ng bahay! Yung puwede kang lumabas sa kahit na anong oras, maglaro sa *plaza*, sa kalye o sa kahit na anong lugar na gusto mong puntahan. Yung hindi limitado ang oras ng paglalaro at gumala kahit saan. Masaya, hindi ba?

Binago ng pandemya ang buhay nating lahat, mahirap lalong lalo na sa mga umaasa lang sa kanilang arawang kita. Limitadong oras lamang ang ibinibigay sa kanila para lumabas ng bahay at makapagtrabaho. Hindi na rin pwedeng dumiskarte ng ibang pagkakakitaan dahil kailangan nilang mag-ingat sa lahat ng oras para makaiwas sa nakamamatay na sakit na ito. Pero-huwag kang mag-aalala, babalik din tayo sa dati. May awa ang Panginoon.

- Jesusan G. Tulipas, Guro sa Filipino 5, P.M. Geta Laoang II District

Gawain A. Panuto: Bumuo ng mga tanong batay sa napakinggan mong teksto gamit ang mga salitang pananong na **bakit, ano, sino, kailan, at paano?** Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Gawain B. Panuto: Piliin ang mga salitang magkasalungat at magkasingkahulugan sa tekstong binasa. Isulat ang mga ito tulad nang nasa ibaba sa iyong kuwaderno.

Magkasalungat:

1. _____
2. _____
3. _____

Magkasingkahulugan:

1. _____
2. _____
3. _____

Gawain C. Panuto: Sikaping bigyan nang angkop na pamagat ang tekstong binasa sa itaas. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

Pamagat



Tayahin



Ang galing mo kaibigan! Nakita kong lalo mong pinag-iigihan ang pagsagot sa modyul na ito. Ngayon, sa bahaging ito mas lalong masusukat ang kaalaman at kagalingan mo! Sagutin-mo ang mga gawain sa ibaba. Sundin mo lamang ang panuto.

Alam ko masasagot mo ang mga ito kaibigan!

Panuto: Muli mong tawagin ang iyong tagapag-alaga at ipabasa mo nang malakas ang kuwentong kasunod. Pakinggan mo itong maiigi at unawain. Pagkatapos, gawin mo ang mga mungkahing gawain sa hulihan.

Ang Unggoy at Buwaya

Sa isang pulo ay may nakatirang mag-amang lahi ng mga unggoy. Sa pulong ito, malinaw, malalim, malinis ang tubig sa ilog na nakapalibot dito. Nakatira rin ang lahi ng matatakaw na buwaya sa ilog na nakapalibot sa pulo. Masarap at masaya ang buhay ng mga unggoy dahil marami ang mga punongkahoy na namumunga rito. Gayundin ang buwaya dahil sagana sila sa isda at iba pang hayop na minsan ay naliligaw sa ilog. Subalit dahil sa pagdami ng mga matsing at buwaya, dumating ang panahon na wala na halos silang makain.

Isang araw, habang masayang naglalamitin sa mga sanga ang mga unggoy, napansin ng isa na maraming bungang-kahoy sa kabilang pulo. Tuwang-tuwa ang kanyang mga kasamahan. Gustong-gusto nilang lumangoy papunta sa kabilang

pampang. Ngunit dahil maraming buwayang gutom ang nakaabang sa kanila, wala silang madaraan. Gustong-gusto ng buwaya ang masarap nilang atay.

Pumunta ang tusong unggoy sa tabi ng ilog at tinawag ang pinuno ng mga buwaya. “Pinunong Buwaya, may mahalagang mensahe ang hari,” ang kaniyang pakli.

Lumabas naman ang pinuno na halos nasa tabi ng unggoy. “Ano ang maipaglilingkod naming sa mahal na hari?” usisa ng punong buwaya.

“Nais malaman ng hari kung ilan kayong lahat. Magpapasko na kasi at bibigyan kayo ng regalo. Pumila kayo at bibilangin ko kung ilan kayong lahat,” sagot ng unggoy. “Isa, dalawa, tatlo, apat...tatlumpu’t pito,” sabay talon sa kabilang pamang. Nakatawid siya sa kabilang pulo nang walang kapagud-pagod.

-Hango sa DepEd Teacher’s Guide, Filipino 5

Gawain A. Panuto: Bumuo ng mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento gamit ang **sino-sino, saan-saan, ano-ano, bakit, at paano**. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain B. Panuto: Basahin ang sumusunod na pangungusap at pagkatapos piliin ang mga salitang magkakasingkahulugan at magkakasalungat. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Maligayang-maligaya sina Claude at Joel ng sabadong yaon. Ngunit pagkatapos ng isang oras ay lungkot na lungkot sila dahil hindi sila maaaring maligo at mamingwit sa ilog.
2. Ibig na ibig na nilang makarating sa bukid. Gustong-gusto na ni Joel na mamitas ng mga prutas.
3. Si Claude ay nais maligo sa ilog ngunit hindi ito natuloy dahil marumi at mababaw ang tubig.
4. Ang mga pabrika ay nagtatapon sa ilog ng kanilang *chemical waste*. Ang *chemical waste* ay yaong mga dumi ng ginamit na kimiko at iba pang bagay sa pabrika na hindi na maaaring gamitin pang muli kaya itinaon na.
5. Hindi maaaring mabuhay nang malusog ang mga gulay sa lupang tigang. Maaaring lagyan ng pataba ang tuyot na lupa upang mapagtaniman ito.

Gawain C. Panuto: Basahin nang may pag-unawa ang kasanod na talalata. Pagkatapos, bigyan ito ng angkop na pamagat. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

Pamagat

Ang mga lamok na may dalang *virus* na *dengue* ay nagingitlog at nagpaparami sa mga pook na napag-iimbakan o napag-iipunan ng tubig tulad ng mga lata, mga bote, mga gulong na nakatiwang-wang o iba pang mga lalagyan na palaging basa.

-Hango sa DepEd Regional Test Item Bank, Filipino 5



Karagdagang Gawain

Gawain A. Panuto: Basahin nang may pag-unawa ang kasunod na maikling salaysay. Mula rito bumuo ng mga tanong gamit ang mga salitang pananong. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Taniman sa Bukid

Isa sa pinakamasayang panahon sa kabukiran ang pagtatanim. Masiglang isinagawa ng mga magsasaka ang gawaing ito. Nasa takdang panahon ang pagtatanim.

Naniniwala ang mga magsasaka na hindi aani ng maganda kung ‘di mabuti ang panahon ng pagtatanim. Nasa kabukiran ang kaligayahan ng magsasaka. Maluwag sa loob nilang tinanggap ang anumang kapalaran. Maligaya nilang hinaharap ang kaloob sa kanila ng Maykapal.

Marunong makipagsapalaran ang mga magbubukid. Taimtim nilang idinadalangin na sana’y ang susunod na anihan ay maging masagana.

-Hango sa DepEd Teacher’s Guide Filipino 5

Gawain B. Panuto: Punan ang kahon ng **kasingkahulugan** at **kasalungat** ng mga salitang nasa kanan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

	Kasingkahulugan	Kasalungat
1. Madami 2. Kilala 3. Mabango 4. Payat 5. Mainit		

Gawain C. Panuto: Basahin ang talatang kasunod at pagkatapos bigyan ito ng angkop na pamagat. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

Pamagat

Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiral ang pagmamahalan, pagkakaisa, at pagtutulungan upang lalong tumibay ang pagsasamahan ng isa't isa. Ano mang problema ang dumating, kailangang mapanatiling buo at matatag ang pamilya. Bukod dito biyaya ng Diyos ang ating pamilya kaya't patuloy mong ingatan.

-Hango sa DepEd Teacher's Guide, Filipino 5



Susi sa Pagwawasto

Kasingkahulugan	Kasalungat
may trabaho	wala / walang laman
Gabi	
Nais	mayaman

Gawain C

- Ang binasa kong kuwento ay tungkol kay Pedro at ang pangarap niya sa buhay.
- Kung ako ang magbibigay ng pamagat sa aking binasa, ang pamagat ko ay Si Pedro, May Pangarap.
- Naibigan ko ang binasa ko dahil nalaman ko na ang mahalaga pala ang pag-aaral.
- Bubuoin ko ang tanong sa pamamagitan ng paggamit ng salitang pananong na **ano**.
- Bubuoin ko ang tanong sa pamamagitan ng paggamit ng salitang pananong na **sino**.

(Iba-iba ang sagot ng mga bata. Pero maaari ganito ang mga sagot)

Gawain B

- Ang nabubuo sa ating mga isipan kung hindi natin maliwanag na naintindihan ang naririnig at binabasa ay mga tanong o mga katanungan.
- Kailangang gumamit natin ng magkakasalinghulugan o magkakasalungat na mga salita para lumawak ang ating kaalaman sa wika at talasalitaan.

Gawain A

Tuklasin

- D
- B
- C
- A
- E

Gawain A:

Balikan

- Anong pagdiriwang ang labis na nagugustuhan ng mga Pilipino?
- Sino-sino ang makikita sa araw ng kapistahan?
- Kailan naglalagay ng mga dekorasyon ang mga magpipista?
- Bakit kailangang maglinis pagkatapos ng pista?
- Paano ipinagdiriwang ang pista ng mga Pilipino?

Gawain A: (Puwede ganito ang mga sagot)

Subukin

Gawain D (Ikonsidera ang sagot ng mga bata. Maaari ring ganito ang sagot ng bata)

1. Kung ako ang tatanningin, hindi ako sang-ayon sa pamagat, dahil sa palagay ko hindi ito tugma sa kaisipang nakapaloob sa basahin. At kung ako, ang pamagat ko ay Ang Pangarap ni Pedro.

Surtin

Gawain A (Maaaring ganito ang mga sagot ng bata)

1.
2. Kailan nagsasama-sama ang mga mag-aaral sa kantina?
3. Anong uri ng paninda o bilihin ang mabibili mula sa kantina?
4. Alin ang masarap sa kantina?
5. Sino-sino ang malingay kapag recess?

Gawain B

Magkasingkahulugan

- | | |
|--------------------------|---------------------|
| a. masarap- malinamnam | a. mahal - mura |
| b. marami- ilan | b. malinis- marumi |
| c. nagkakatuwaan- masaya | c. malingay-tahimik |
| d. kantina- kainan | |

Gawain C (Maaaring iba ang sagot. Pero puwede ganito ang sagot)

Sagot-Ang Tunay na Magkakibigan

Payamanin

Gawain A (Maaaring magkaiba ang mga sagot. Tanggapin ang mga sagot kung tama ang pagkakakabuo sa mga ito)

1. Ano ang pinagkakababalan ng magkapatid isang umaga?
2. Sino-sino ang magkakapatid na abalang-abala sa paglilinis ng kanilang bahay?
3. Saan pumupunta ang mga tao tuwing pista para sambahin ang Diyos?
4. Kailan nangyari ang piyestang pampamilya?
5. Bakit naging malungkot si Ronnie sa araw ng kapistahan?

Gawain B

1. c
2. a
3. b
4. e
5. d

Gawain C

-Niyog: Puno ng Buhay

Isaisip

Gawain A (Ang mga sagot ay maaaring ganito)

- Paano nagkaba ang magkapatid na Teng at Enjeza?
- Bakit nagtapos na may karangalan si Teng?
- Sino sa magkapatid ang mahilig manood ng telebisyon?
- Ano ang hiling ni Enjeza?
- Ilan kaya ang telebisyon sa bahay ng magkapatid?

Gawain B

- 1). magkasingkahulugan
- 2). hindi magkapareho ang kahulugan

Gawain C

-Ang Kadiwa

Isagawa

Gawain A (Magkaiba ang mga sagot ng mga bata gamit ang mga salitang patanong)

Gawain B

Magkasalungat

mayaman -mahirap
ipagsawalang-bahala - bigyang-pansin
-

Magkasingkahulugan

covid-19 -virus
pag-iingat -pangangalaga
paglabas -paggala

Gawain C (Magkaiba ang sagot ng mga bata)
Puwede, Ang Pandemya ng COVID

Tayahin

Gawain A (Iba-iba ang sagot ng mga bata. Ang mahalaga, ang mga itinatanong ay galing sa binasang maikling kuwento at tama ang pagkagamit sa mga salitang patanong)

Gawain B

1. maligayang-maligaya - lungkot na lungkot (magkasalungat)
2. ibig na ibig - gustong-gusto (kasingkahulugan)
3. nais (maligo) - hindi (natuloy) (magkasalungat)
4. waste -dumi (kasingkahulugan)
5. tigang - tuyot (kasingkahulugan)

Gawain C (Maaaring magkaiba ang sagot ng mga bata)

Karagdagang Gawain

Gawain A (Inaasahang magkaiba ang sagot ng mga bata. Susulat ang mga bata ng mga pangungusap na nagtatanong gamit ang mga salitang patanong)

Gawain B-(Puwede ganito ang sagot ng mga bata)

Salita	Kasingkahulugan	Kasalungat
1. madami	sobra sa isa	kaunti
2. kilala	batid	hindi kilala
3. mabango	masamyo	mabaho
4. payat	maliit	mataba
5. mainit	mapaso	malamig

Gawain C (ang sagot ay depende sa pagkaunawa ng bata sa basahin)

Sanggunian

Anacta, R., et.al. (2000). *Regional Test Item Bank Filipino 5*, DepEd Region 8

Gaza, Alice B. (2000). *Teacher's Guide in Filipino 5*, DepEd Region 8

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph